
4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 8:

### Naisasalaysay Muli ang Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita

### Nakasusulat ng Balita na may Huwaran/Padron/Balangkas nang may Wastong Pagkasunod-sunod ng mga Pangyayari



ALTERNATIVE DELIVERY MODE



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 8:** Pagsasalaysay Muli Nang Wastong Pagkasunod-sunod
**Unang Edisyon, 2020**

"Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juvy G. Clavillas
**Editor:** Ma. Theresa I. Cortez
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Mark Anthony Taduran
**Tagalapat:** Niño D. Jacobe
**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Reginal EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chef: Jerson V. Toralde
Division EPS-Filipino: Rechie O. Salcedo
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili
Division ADM Coordinator: Randy A. Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 8:

## Naisasalaysay Muli ang Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita

## Nakasusulat ng Balita na may Huwaran/Padron/Balangkas nang may Wastong Pagkasunod-sunod ng mga Pangyayari

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

| Aralin | Naisasalaysay Muli ang Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita Nakasusulat ng Balita na may Huwaran/Padron/Balangkas nang may Wastong Pagkasunod-sunod ng mga Pangyayari |
|---|---|



## *Alamin*

Magandang araw.

Kumusta ka na? Mahilig ka bang magbasa ng dyaryo, manood ng balita sa telebisyon o makinig sa radyo? Anong mga impormasyon ang nakukuha mo rito? Nakatutulong ba sa atin ang mga ito? Titiyakin ng aralin na ito na makasusulat at makapagsasalaysay kang muli ng balita ayon sa napakinggan mong teksto.



Sa modyul na ito, inaasahan na:

- **Naisasalaysay mong muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita.**
- **Nakasusulat ng balita na may huwaran/padron/balangkas nang may wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.**

## *Subukin*

Ano ang alam mo sa pagsasalaysay at pagsusulat ng balitang napakinggan at napanood? Tara! Subukin mo ito.

**Panuto**: Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, pakinggan ang tekstong nasa ibaba upang muli mo itong maisalaysay at maisulat na may wastong pagkasunod-sunod ng pangyayari. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba upang makatulong ito na makabuo nang maayos na balita.

Upang masiguro ang kalusugan ng mga mag-aaral sa pandemyang *COVID-19*, sinimulan ngayong ika-15 ng Hunyo, 2020 ang *Online* na pagpapatala sa paaralan ng Iriga Central School.

Ayon sa DepEd may mga panuntunan na kailangang sundin ng mga paaralan sa pagpapalista ng mga mag-aaral na nakasaad sa *DepEd Memorandum No. 043, s. 2020.*

Sabi ni G. Francisco M. Dava, punongguro ng ICS, ang mga magulang ay maaaring pumunta sa *link* na ICS *School Learner Enrollment and Survey Form (LESF).*

Maaari ring magpalista sa pamamagitan ng text or call gamit ang *cellphone* at sa darating na ika-15 ng Hunyo ay puwedeng humingi ng *enrolment form* sa paaralan o sa barangay, dagdag pa ni Dava.

Inaasahan na makikipagtulungan ang lahat para maisagawa nang maayos ang pagpapalista ng mga mag-aaral ngayong darating na pasukan.

Likha ni: Juvy G. Clavillas, MT II, ICS, Iriga City

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Rubrik sa Pagsulat at Pagsasalaysay**

| 5<br>Napakagaling | 4<br>Magaling | 3<br>Katamtaman | 2<br>Paunlarin pa | 1<br>Magsanay pa |
|---|---|---|---|---|
| Naisalaysay/ naisulat nang maayos at nasunod ang tamang pangyayari ng balita /kumpleto ang detalye gamit ang sariling salita. | Hindi masyadong naisalaysay/ naisulat ang balita /kulang ng isang detalye gamit ang sariling salita. | May dalawang kakulangan sa pagsalaysay/ pagsulat sa detalyeng hinihingi gamit ang sariling salita. | May tatlo o higit pang kakulangan sa pagsalaysay/ pagsulat sa detalyeng hinihingi gamit ang sariling salita. | Hindi nakasunod sa pagsalaysay/ pagsulat sa hinihinging detalye ng balita batay sa sariling pananalita |



## *Balikan*

Natatandaan mo pa ba ang mga pangatnig na iyong natutuhan sa nakaraang aralin? Muli natin itong balikan sa pamamagitan ng pagbasa ng maikling tekstong nasa ibaba. Tukuyin at isulat ang pangatnig sa iyong sagutang papel.

Nagulantang ang buong Bicolandia sa hagupit ng bagyong Rolly dahil sa sobrang lakas ng hangin at ulan. Maraming nawalan ng kabuhayan kaya naman hindi nila malaman kung ano ang gagawin. Subalit, naibsan ang kanilang mga pangamba sa pananalig sa Diyos.



Matapos mong sagutin ang pagsubok na ito, tingnan kung tama o mali ang iyong sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto, pahina.



## *Tuklasin*

**Panuto:** Ipabasa ang teksto o balita sa iyong kasama sa bahay upang malinaw mo itong mapakinggan.

### ***Water Sanitation*** **Isinulong ng ICS**

ni: Juvy G. Clavillas

Noong ika-2 ng Hunyo 2018 isinabay ng *Iriga Central School Feeding Program* ang pagsasagawa ng oryentasyon sa pagpapatupad ng polisiya hinggil sa programang *Comprehensive Water, Sanitation and Hygiene in School (WASH).*


Ito ay naglalayon na magkaroon ng *School-based Water, Hygiene, Sanitation and Deworming Program* ang Iriga Central School alinsunod sa Konstitusyon ng 1987.

Kaugnay nito, ang *Grade VI Alumni Batch 2018* ay nagpagawang *Water Drinking Facilities* na nakahanay sa klasrum ng unang baitang.

Napakikinabangan ng mga mag-aaral ang nasabing proyekto sa pag-inom at pagsisipilyo ng ngipin.

Sagutin Natin:
1. Anong proyekto ang isinusulong sa balita?
2. Saan naganap ang balita?
3. Kailan naganap ang pangyayari?

4. Sino ang naghandog ng *drinking facilities* sa paaralan?
5. Sino ang makikinabang sa nasabing proyekto?
6. Sa iyong opinyon, bakit mahalagang magkaroon ng proyektong *water sanitation* sa bawat paaralan?






## *Suriin*

Ang pakikinig ay mahalagang matutuhan ng bawat isa dahil ito'y susi upang tayo ay makakapagsalaysay at makasulat ng tamang ulat o impormasyon.

Mula sa napakinggang balita na nasa Tuklasin, isalaysay at isulat muli nang pabalita ang pagkasunod-sunod na detalye tungkol dito gamit ang sariling salita. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**ATING ALAMIN**:

Ang **pagsulat ng teksto o balita** ay maayos na nagagawa kung ito ay kumpleto sa mga detalyeng kinakailangan para ilahad ang buong pangyayari. Sa araling ito, malalaman mo kung papaano ang tamang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

Sumasagot ito sa mga tanong na:

**1. Ano**-tumutukoy sa pinakamahalagang pangyayari.
Halimbawa: Ano ang pinakamahalang pangyayari sa balitang napakinggan?

Isinagawa ang oryentasyon sa pagpapatupad ng polisiya hinggil sa programang *Comprehensive Water, Sanitation and Hygiene in School (WASH).*

**2. Sino**-tumutukoy sa mga taong sangkot sa pangyayari.

**Halimbawa**: Sino ang nagpagawa ng *water drinking facilities* ayon sa balita?

*Ang* ***Grade VI Alumni Batch 2018*** ay nagpagawa ng *water drinking facilities* na nakahanay sa klasrum ng unang baitang.

**3.Saan-** tumutukoy sa lugar na pinangyarihan.

Halimbawa: Saan nangyari ang balita?

***Iriga Central School Feeding Program**,* isinagawa ang oryentasyon sa pagpapatupad ng polisiya hinggil sa programang *Comprehensive Water, Sanitation and Hygiene in School (WASH).*

**4.Kailan-** tumutukoy sa petsa o oras ng pangyayari

Halimbawa: Kailan isinagawa ang orientasyon ng programang WASH?

**Noong ika-2 ng Hunyo, 2018** kasabay *sa Iriga Central School Feeding Program*, isinagawa ang oryentasyon sa pagpapatupad ng polisiya hinggil sa programang *Comprehensive Water, Sanitation and Hygiene in School (WASH).*

**5. Bakit –** tinatalakay ang sanhi at bunga ng pangyayari

Halimbawa: Bakit isinulong ang programang WASH?

Napakikinabangan ng mga mag-aaral ang nasabing proyekto sa pag-inom at pagsisipilyo ng kanilang mga ngipin.

**6.Paano**- inilalahad kung paano naganap ang pangyayari.

Halimbawa: Paano naisulong ang programa?

Base sa Konstitusyon ng 1987*,* naisulong ang proyektong WASH sa Iriga Central School upang magkaroon

ng *School-based Water, Hygiene, Sanitation and Deworming Program* na pakikinabangan ng mga mag-aaral.

Mayroon din itong ***huwaran o modelo*** na sinusunod upang makasulat ng isang balita. Makatutulong na alamin natin ang pinakamahalagang detalye at mahahalagang datos ng bawat balita.

- Sa **unang talata** nakalahad ang pinakamahalagang detalye ng balita. Dito kadalasang makikita ang mga sagot sa tanong na **Ano, Saan, Kailan at Sino**.
- Sa mga sunod na talata naman nakalahad ang sagot sa mga tanong na **bakit** o **paano.**
- Sa dulong o huling talata naman inilalalagay ang mga detalyeng kahit hindi na sila ilagay ay mauunawaan na ang balita, kaya't ang tawag dito ay di mahalagang datos.

**Pangunahing Pamatnubay**

**Hal.** Nagpatawag ng pagpupulong si Gng. Joy A. Ramos sa kanyang mga kaguro noong ika-28 ng Mayo, 2020 sa harap ng Gabaldon Building.

**Pangalawang Pamatnubay**

**Hal**.Ayon sa kanya, sa Hunyo 1-14 hindi kailangang pumunta ang mga guro sa paaralan dahil ito'y nakasaad sa *Deped Memorandum no. 43, s.2020.*


**Mahahalagang Datos**

**Hal.**Dagdag pa niya na sa ika-15 hanggang ika-30 ng Hunyo ang araw na dapat nasa paaralan ang mga guro at tatanggap ng mga mag-e-enrol.

**Di Mahalagang Datos**

**Hal.** Ito ang araw na dapat ihanda ang mga kapaligiran ng paaralan at maging ang silid-aralan upang mapanatili ang kalinisan.

**Tandaan:**



Sa **pakikinig** at **pagsulat ng balita**,

- pakinggan mabuti ang teksto upang maisalaysay mo itong muli
- gawing maikli lamang ito.
- sundin ang mga paraan at tamang pamantayan.
- tama ang inilahad na mga detalye.
- huwag maglalagay ng pangyayari na hindi naganap.
- dapat may datos o impormasyon na pinagkunan ng teksto.
- sumusunod ito sa huwarang baligtad na ayos sapagkat nasa pababang kahalagahan ng mga pangyayari ang ayos ng pagkakasulat nito.
- sa **unang talata** nakalahad ang pinakamahalagang detalye ng balita. Dito kadalasang makikita ang sagot sa mga tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano
- sa **ikalawang talata** naman inilalalagay ang mga detalyeng kahit hindi na sila ilagay ay mauunawaan na ang balita, kaya't ang tawag dito ay di mahalagang datos.

## ***Pagyamanin***

**Ipagpatuloy ang pagsasanay.**

**Panuto:** Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, pakinggan ang mga teksto na nakasulat sa ibaba. Isulat ang bilang 1 hanggang 6 sa linya ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Isalaysay muli ang mga pangyayari gamit ang sariling salita at sumulat ng balita tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

________***(A)*** Dumalo sina Syfiah Alcantara, pangulo ng *Supreme Pupil Government* at Bb. Dolores R. Andalis, tagapayo ng SPG sa *Online Learning Activities* ng Kagawaran ng Edukasyon at *Disaster Risk Reduction Management Service (DRRMS)* noong Mayo 19 na magtatapos sa Agosto 20, 2020**.**

________***(B)*** Magtatapos ang nasabing *Online Learning* sa ika-20 ng Agosto 2020 at inaasahan na maibabahagi ito sa mga mag-aaral ngayon taon**.**

_______***(C)***Ayon naman kay Bb. Dolly Andalis, “napakaswerte namin na nakabilang sa pagsasanay na ito sapagkat nadagdagan ang aking kaalaman sa iba’t ibang isyu ng ating bansa”.

_______***(D)*** Layunin ng gawaing ito na malaman ang kanilang tungkulin at ang maitutulong nila sa pamahalaan na mabawasan ang pagkalat ng *COVID-19* at malinang ang kakayahan ng mga kabataan sa pagharap sa mga problema ng bansa.

________**(E)**Natutuhan nila sa seminar na ito ang *Online* Kwentuhan “DRRMSBooklatan” para sa elementarya

________**(F)** Sambit ni Syfiah, “Marami akong natutuhan sa paglahok ko sa gawaing ito na maibabahagi ko rin sa aking mga kaklase”.



## *Isaisip*

Isulat ang iyong mga natutuhan sa aralin. Sagutin ang sumusunod sa iyong sagutang papel.

A. **Panuto:** Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag.

Mahalagang matutuhan ang kasanayan sa pagsasalaysay muli ng napakinggang teksto gamit ang sariling salita at pagsulat ng balita na may huwaran /padron/balangkas na may wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari upang

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

B. **Panuto:** Punan ang sumusunod na talahanayan:

| Ano ang iyong mga natutuhan? | Ano ang kahalagahan nito para sa iyo? |
|---|---|
| | |
| | |



## *Isagawa*

Upang masiguro na may natutuhan ka sa ating aralin, isagawa ang pagsasanay sa ibaba.

**A. Panuto:** Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, pakinggan ang balita na nasa ibaba upang muli mo itong maisalaysay at maisulat nang may wastong pagkasunod-sunod ng pangyayari gamit ang huwarang baligtad na tatsulok. Isulat ang balita sa inyong sagutang papel. Gamitin mo ang rubrik sa ibaba upang makatulong sa pagbuo nang maayos na balita.

Ulo ng balita: *Alumna* ng ICS nagbigay donasyon para sa BE

- Malugod namang tinanggap nina Bb. Dolores R. Andalis, Bb. Judith L. Osea, Gng. Juvy G. Clavillas at Gng. Jester N. Bona ang mga donasyong ibinigay ni Jackie.

- Nagbigay ng donasyon si Jackie B. Guzman, alumna ng *Iriga Central School* noong ika-8 ng Hunyo, 2020 bilang suporta sa Brigada Eskwela 2020.

- Ayon sa kanya, taon-taon niya itong ginagawa bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos.

- Ibinahagi niya ang isang daang *fabric scrap washable facemasks*, limampung pirasong alkohol at dalawampu't limang pirasong sabon.

RUBRIK

| 5<br>Napakagaling | 4<br>Magaling | 3<br>Katamtaman | 2<br>Paunlarin pa | 1<br>Magsanay pa |
|---|---|---|---|---|
| Naisalaysay/ naisulat nang maayos at nasunod ang tamang pangyayari ng balita.<br>Sumasagot sa tanong na: Ano, Sino, Kailan Bakit at Paano.<br>Wasto ang gamit ng wika, baybay at bantas.<br>Kumpleto ang detalye gamit ang sariling salita.<br>Nagtataglay ng kawilihan, wasto at walang pinapanigan. | Hindi masyadong naisalaysay/ naisulat ang balita.<br>Kulang ng isang tanong na sumasagot Sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng isang detalye gamit ang sariling salita.<br>May kakulangan sa kawilihan.<br>Wasto at walang pinapanigan. | May dalawang kakulangan sa pagsalaysay/ pagsulat ng balita.<br>Kulang ng dalawang tanong na sumasagot sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng dalawang detalye gamit ang sariling salita.<br>Kulang sa kawilihan, hindi wasto ang ilang bahagi, at walang pinapanigan. | May tatlo o higit pang kakulangan sa pagsalaysay/ pagsulat ng balita.<br>Kulang ng tatlong tanong na sumasagot sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng tatlong detalye gamit ang sariling salita.<br>Hindi nagtataglay kawilihan, hindi wasto at may pinapanigan | Hindi nakasunod sa pagsalaysay/ pagsulat ng balita.<br><br>Walang nasagot sa detalye.<br>Hindi gumamit ng bantas, mali ang baybay ng teksto.<br>Walang detalyeng naisulat at walang kawilihan, hindi wasto, at may pinapanigan. |

Malugod kitang binabati at nasagot mo ang mga pangyayari sa balitang napakinggan at binasa mo. Tingnan ang sagot sa susi ng pagwawasto. Maaari mo nang ipagpatuloy ang gawain sa pagtataya.

# *Tayahin*

**Panuto**: Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, basahin at pakinggan ang teksto. Isulat sa papel ang tamang pagkasunod-sunod ng pangyayari upang makabuo ng balita.

<u>*Alumni* ng ZAHS Namigay ng Tulong sa mga Mag-aaral</u>

*ni: Girlie Marie L. Penales*

**(A)** Ayon kay G. Cloyd Lagyap, Koordineytor ng labis ang kanilang pasasalamat sa mainit na tugon ng alumni sa kanilang mga proyekto kaugnay ng pagbabalik eskuwela sa darating na ika-24 ng Agosto. Ang *ZAHS* ay nakatanggap na ng mga bisikleta, *face masks, face shields,* mga alkohol at bitamina C na lahat ay ipamamahagi sa mga mag-aaral para makatulong sa kanila.

**(B)** Naging aktibo sa pagbibigay ng tulong ang mga dating mag-aaral ng *Zeferino Arroyo High School* sa Lungsod Iriga. Ito ay bilang suporta sa Brigada Eskuwela ng nasabing paaralan sa pagsimula ng klase para sa taong 2020-2021.

**(C)** Inaasahang dadami pa ang donasyong matatanggap ng *ZAHS* sa mga susunod na araw. Ayon naman sa punongguro na si Dr. Kudy D. Bolante, ang alumni ng kanilang paaralan ay itinuturing nilang mga bayani dahil sa pagiging mapagmalasakit ng mga ito.

**(D)** Ang pagbubukas ngayon ng klase ay naantala dahil sa pandemyang naranasan ng buong mundo sanhi ng *COVID-19.*

Magaling! Nakabibilib ka! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama sa pahina 15. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang <u>karagdagang gawain.</u>



## *Karagdagang Gawain*

A. **Panuto:** Sa tulong ng iyong tagapag-alaga, makinig ng isang balita. Isulat sa papel ang tamang pagkasunod-sunod ng pangyayari gamit ang iyong sariling salita upang makabuo ng balita. Gamitin mo ang rubrik sa ibaba upang makatulong sa pagbuo nang maayos na balita.

RUBRIK

| 5<br>Napakagaling | 4<br>Magaling | 3<br>Katamtaman | 2<br>Paunlarin pa | 1<br>Magsanay pa |
|---|---|---|---|---|
| Naisalaysay/ naisulat nang maayos at nasunod ang tamang pangyayari ng balita.<br>Sumasagot sa tanong na: Ano,Sino,Kailan Bakit at Paano.<br>Wasto ang gamit ng wika, baybay at bantas.<br>Kumpleto ang detalye gamit ang sariling salita.<br>Nagtataglay ng kawilihan,wasto at walang pinapanigan. | Hindi masyadong naisalaysay/ naisulat ang balita.<br>Kulang ng isang tanong na sumasagot Sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng isang detalye gamit ang sariling salita.<br>May kakulangan sa kawilihan.<br>Wasto at walang pinapanigan. | May dalawang kakulangan sa pagsalaysay/ Pagsulat ng balita.<br>Kulang ng dalawang tanong na sumasagot sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng dalawang detalye gamit ang sariling salita.<br>Kulang sa kawilihan, hindi wasto ang ilang bahagi, at walang pinapanigan. | May tatlo o higit pang kakulangan sa pagsalaysay/ pagsulat ng balita.<br>Kulang ng tatlong tanong na sumasagot sa detalye.<br>May kulangan sa bantas at baybay ng teksto.<br>Kulang ng tatlong detalye gamit ang sariling salita.<br>Hindi nagtataglay kawilihan hindi wasto, at walang pinapanigan. | Hindi nakasunod sa pagsalaysay/ pagsulat ng balita.<br><br>Walang nasagot sa detalye.<br>Hindi gumamit ng bantas, mali ang baybay ng teksto.<br>Walang detalyeng naisulat at walang kawilihan. hindi wasto, at may pinapanigan. |

## Susi ng Pagwawasto

**Subukin**
Rubrik ang ginamit

**Balikan**
1. Dahil 2.kay 3.subalit

## Tuklasin

1. Ang proyektong WASH ang isinusulong sa balita.
2. Ito'y naganap sa Iriga Central School
3. Naganap ang pangyayari noong Hunyo 2,2018.
4. Ang naghandog ng *drinking facilities* ang *Grade VI Alumni Batch 2018*.
5. Ang makikinabang sa nasabing proyekto ay ang mga mag-aaral sa Iriga Central School.
6. Ito'y inilunsad upang magkaroon ng s*chool-based water, hygiene, sanitation and deworming program* ang Iriga Central School.

**Pagyamanin**

1.A 2.B 3.E 4.F 5.C 6.D

**Isagawa**

**C.** Ulo ng balita: Alumna ng ICS nagbigay donasyon para sa BE

Nagbigay ng donasyon si Jackie B. Guzman, alumna ng Iriga Central School noong ika-8 ng Hunyo, 2020 bilang suporta sa Brigada Eskwela 2020. Ibinahagi niya ang isang daang *fabric scrap washable facemasks*, limampung piras alcohol at dalawampu't limang piraso na sabon.

Ayon kaniya, taon-taon niya itong ginagawa bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos.

Malugod namang tinanggap nina Bb. Dolores R. Andalis, Bb. Judith L. Osea, Gng.Juvy G. Clavillas at Gng. Jester N. Bona ang mga donasyong ibinigay ni Jackie.

**Isaisip**

1. maikli 2.tatsulok 3.unang 4-9. Ano, sino, saan, kailan, bakit, paano (in any order) 10. dulong (talata)

## Tayahin

Alumni ng ZAHS namigay ng tulong sa mga estudyante

1.**(B)** Naging aktibo sa pagbigay tulong ang mga dating estudyante ng Zeferino Arroyo High School sa Lungsod Iriga. Ito ay bilang suporta sa Brigada Eskuwela ng nasabing paaralan sa pagsimula ng klase para sa taong 2020-2021.

**2. (A)** Ayon kay G. Cloyd Lagyap, Koordineytor ng BE, labis ang kanilang pasasalamat sa mainit na tugon ng alumni sa kanilang mga proyekto kaugnay ng pagbabalik eskuwela sa darating na Agosto 24. Ang ZAHS ay nakatanggap na ng mga bisikleta, *face masks, face shields*, mga alcohol at bitamina C na lahat ay ipapamahagi sa mga mag-aaral para makatulong sa kanila.

**3. (C)** Inaasahang dadami pa ang donasyong matatanggap ng ZAHS sa mga susunod na araw. Ayon naman sa punongguro rito na si Dr. Kudy D. Bolante, ang alumni ng kanilang paaralan ay itinuturing nilang mga bayani dahil sa pagiging mapagmalasakit ng mga ito.

4. **(D)** Ang pagbubukas ngayon ng klase ay naantala dahil sa pandemyang naranasan ng buong mundo sanhi ng COVID-19.

## *Sanggunian:*

Agarrado, P., et.al., (2016). *Alab Filipino 5 Batayang Aklat*, Quezon City Philippines, Vibal Group, Inc., p.6

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph